

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____
25

Pagbigay ng tamang panghalip na panao

Talâ: panghalip - *pronoun*

Panuto: Isulat sa patlang ang angkop na panghalip na panao. Maaaring may dugtong na pang-angkop (mga titik *g* o *ng*) ang ibang panghalip, tulad ng *aming* at *tayong*.

Lani Mendrez ang pangalan ko. (1) _____ ay nasa ikatlong baitang. Sina Marie at Dina ang mga kaibigan ko. (2) _____ ang aking mga kamag-aral. Tuwing tanghalian, pumupunta (3) _____ sa kantina para kumain nang sabay-sabay.

Isang araw, habang (4) _____ ay naghahanap ng bakanteng mesa sa kantina, may isang babae at isang lalaki na nag-alok ng kanilang mesa. Sabi (5) _____ na may mga bakanteng upuan pa sa mesa kung saan (6) _____ nakaupo.

Naisipan namin na tanggapin ang kanilang imbitasyon. Nagpakilala (7) _____ sa amin. Nalaman (8) _____ na ang mga pangalan nila ay Carmina at Carlo. Kambal pala (9) _____.

“Ngayon ko lang (10) _____ nakita. Bago ba (11) _____ sa paaralang ito?” tanong ko sa (12) _____. Sinagot (13) _____ ni Carmina, “Oo, bagong lipat ang pamilya (14) _____ mula sa Bulacan. Pareho (15) _____ nasa klase ni Ginang Romero. Mabuting guro (16) _____.”

Nakapagkwentuhan pa (17) _____ nang ilang minuto bago tumunog ang kampanya. “Halina (18) _____! Oras na para bumalik (19) _____ sa mga silid-aralan natin,” sabi ni Carlo sa (20) _____ lahat.

“Sana makita namin (21) _____ pagkatapos ng klase. Pwede ba (22) _____ maglaro sa palaruan mamaya?” tanong ni Carmina sa (23) _____. “Siyempre naman!” sagot (24) _____ tatlo nang sabay-sabay. Natawa (25) _____ lahat.